



REPLEKTIBONG DULOG SA PAGTUTURO AT KASANAYAN SA PAGBIGKAS NG TALUMPATI

GISELLE C. LANDICHO
DR. IMELDA G. CARADA
16-ss-fil-066@lspu.edu.ph
0000-0002-7086-2306

Laguna State Polytechnic University Brgy. Del Remedio, San Pablo City Campus

ABSTRAK

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa upang mapagtibay ang Replektibong Dulog sa Pagtuturo at Kasanayan sa Pagbigkas ng Talumpati. Sa pag-aaral na ito binibigyang katugunan ang mga sumusunod na katanungan: Ano ang pananaw ng mga tagasagot sa Replektibong Dulog sa Pagtuturo batay sa pag-aalala, paghihinuha at pag-eebalweyt; Ano ang Kasanayan sa Pagbigkas ng Talumpati ng mga tagasagot batay sa tono, pagpapalutang ng damdamin, kalinawan at kawastuhan ng bigkas, pagbibigay ng diwa o emphasis at sapat na kaalaman sa piyesa; May makabuluhang kaugnayan ba ang paggamit ng Replektibong Dulog sa Pagtuturo at Kasanayan sa Pagbigkas ng Talumpati ng mga mag-aaral?; Ang pamamaraang palarawan ang ginamit ng mananaliksik upang makalap ang mahalaga at makatotohanang impormasyon na kinakailangan sa pag-aaral. Ang istatistikal na pamamaraan na ginamit sa pagsasaliksik ay weighted mean at standard deviation para sa pananaw ng mga tagasagot sa Replektibong Dulog ng Pagtuturo at Kasanayan sa Pagbigkas ng Talumpati ng mga tagasagot. Upang maipakita ang kaugnayan ng paggamit ng Replektibong Dulog sa pagtuturo at Kasanayan sa Pagbigkas ng mga mag-aaral ay ginamit ng mananaliksik ng Frequency at Colleration (Pearson r) Sa naging pag-aaral lumabas ang mga sumusunod na mean: Para sa pananaw ng mga tagasagot sa Replektibong Dulog batay sa pag-aalala (3.61), paghihinuha (3.56), pag-eebalweyt (3.59) at ang kinalabasan ng resulta sa Kasanayan sa Pagbigkas ng Talumpati batay sa tono, pagpapalutang ng damdamin, kalinawan at kawastuhan ng bigkas, pagbibigay ng diwa o emphasis maging ang sapat na kaalaman sa piyesa ay nagkaroon ng frequency na 60 at may kabuoang 100 na porsiyento. Bilang pangkalahatang pagsusuri sa pananaw ng mga tagasagot sa Replektibong Dulog sa Pagtuturo tunay na may malaking tulong ang realisasyon o repleksiyon at pagsasaalang-alang ng kaalaman hango sa sariling karanasan at interes sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa antas ng Kasanayan sa Pagbigkas ng Talumpati ng mga mag-aaral batay sa pagbibigay ng diwa o empasis at sapat na kaalaman sa piyesa ay kinakailangan pa ng ibayong paghahanda. Samantalang ang mga kasanayan na tono, pagpapalutang ng damdamin kasama ng kalinawan at kawastuhan ng pagbigkas bagamat nasa interpretasyong magaling ay nangangailangan pa din ng ibayong gabay, nangangahulugang ang pagtuturo at ang kasanayan sa pagbigkas ay may magandang dulot sa pagtatamo ng kaalaman ng mga mag-aaral. Batay sa sa naging resulta ng pag-aaral, walang makabuluhang kaugnayan ang Replektibong Dulog sa Pagtuturo at Kasanayan sa Pagbigkas ng Talumpati.

Mga susing salita: Replektibong Dulog, Pagtuturo, Kasanayan sa Pagbigkas, Talumpati, Edukasyon, Palarawang Pamamaraan, Philippines